

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 7  
Abril 7, 2007  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editorial*

# Gamitin ang armadong lakas laban sa pasismo at terorismo ng rehimeng US-Arroyo

**N**ananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa Bagong Hukbong Bayan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na lalo pang pasinsinin at palaganapin ang armadong pakikibaka sa buong bansa. Nanawagan din ito sa mamamayang Pilipino na palawakin at itaas ang antas ng mga pakikibakang masa laban sa lumalalang pasismo at terorismo ng rehimeng US-Arroyo.

Sa pamamagitan lamang ng lahatang-panig at mabibigat na bigwas sa rehimeng US-Arroyo matutugunan ang marubdob na hangarin ng sambayanan na wakasan ang brutal na paghahari at parusahan ang mga pasimuno at susing tagapagpatupad ng mga pasistang patakaran nito.

Walang habas ngayong sinusupil ni Arroyo ang lahat ng naglalantad at lumalaban sa kanyang rehimen, laluna ang mga pwersang pinakamasugid at pinakamilitante sa paglaban. Desperado itong gapiin ang armadong rebolusyonaryong kilusan at patahimikin ang hayag na progresibong kilusang masa, pati na ang malawak na ligal na oposisyong kontra-Arroyo. Sa desperadong hangaring tumagal sa poder hanggang 2010 o lampas pa rito, todo-todong sumasandig si Arroyo sa militar at sa lansakang paggamit ng karahasan, kasabay ng sagad-sagarang panlilinlang, pagsisunungaling, panunuhol at pandaraya.

Isinasagawa ng pasistang rehimen ang walang tigil na malakihan at malulupit na operasyong militar



hindi lamang sa mga pinagsususpetsahang baseng masa ng armadong kilusan sa kanayunan. Tinatambakan ngayon ng mga tropang militar maging ang mga komunidad ng mga maralita at mga paaralan sa kalunsuran kung saan malakas ang mga progresibo at demokratikong organisasyon at partido. Tinutugis at ginigipit ng mga nag-ooperasyong militar ang mga aktibista at tinatakot ang mamamayan upang huwag silang sumuporta sa mga organisasyong ito.

Kaalinsabay, walang tigil ang kampanya ng pamamaslang na tumatarget sa mga lider at kasapi ng mga

***Mga tampok sa isyung ito...***

**Mga aksyong militar sa ika-38 anibersaryo ng BHB**  
PAHINA 3

**Arroyo, nagkasala—Permanent People's Tribunal**  
PAHINA 4

**Ka Satur, pinalaya na**  
PAHINA 9

progresibong partido at samahan ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, abugado, doktor, taong-simbahan, tagapag-taguyod ng karapatang-tao at kagawad ng midya.

Walang preno ang rehimen sa mga pasistang atake nito sa mamamayan kahit pa nasa sentro ito ngayon ng pandaigdigang atensyon. Parami na nang parami ang mga internasyunal na institusyon, organisasyon, gubyerno at mga kilalang personalidad na masusing umaalam, nagpapahayag ng labis na pagkabahala at kumukundena sa laganap na panunupil at pagyurak sa karapatang-tao.

Nag-aalimpuyo ang damdamin ng mamamayang sumisigaw ng katarungan. Lalo pang ginagatungan ng nagpapatuloy at sumisidhing pasistang kahayupan at terorismo ng rehimen US-Arroyo ang lumalaganap na apoy ng paglaban ng mamamayan. Mismong si Arroyo at ang mga pasistang alipures niya ang nagtuturo sa mamamayan ng daan ng sandatahang pakikibaka bilang kinakailangang paraan ng paglaban.

Sa harap ng walang pakundangang pamamasista ng rehimen,

obligasyon ng BHB na gawin ang abot ng makakaya para tugunan ang kahilingan ng mamamayang Pilipino na wakasan at parusahan ang kriminal na naghaharing pangkatin. Itinuturing ng BHB na may pinakamabigat na pananagutan sa mga pamamaslang at pasistang krimen si Gloria Arroyo bilang *commander-in-chief* ng reaksyunaryong armadong pwersa at ang kanyang mga susing kasapakat.

Pinakamahaling tungkulin ngayon ng Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan ang pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya upang biguin at labanan ang pamamasista ng rehimen Arroyo. Dapat samantalain ang kalagayan upang magrekrut ng libu-libo pang Pulang mandirigma, palakasin ang hukbong bayan at maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Kaalinsabay, kailangang tuluytuloy na patatagin at paramihin ng

BHB ang mga larangang gerilya at palawakin ang baseng masa, itatag ang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at isulong ang rebolusyong agraryo at rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan.


Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng digmang bayan, nai-pakikita ng mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanang Pilipino na hindi sila magpapalupig at handa nilang labanan at gapiin ang pasistang brutalidad at terorismo.

Dapat agawin ng BHB ang inisyatiba mula sa kaaway at

panghawakan ito. Magagawa ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mas maraming taktikal na opensiba nang mas madalas kaysa mga atake ng kaaway sa hukbong bayan sa lahat ng rehiyon, prubinsya at lalangan, laluna sa mga lugar kung saan mas malaki at mas malakas ang mga rebolusyonaryong pwersa. Bigyang-prayoridad ang mga taktikal na opensibang makalilikha ng malaking epektong pulitikal, makasisira nang malaki sa mga plano ng kaaway, makalilipol sa mahihinang bahagi ng kaaway at makaaagaw ng kanilang armas. Iprayoridad rin ang mga pag-aresto at pagpaparus sa sa pinakapasistang mga pwersa ng kaaway laluna ang mga may tuwirang kinalaman sa mga pamamaslang, pagdukot at pagtortur.

Ang sunud-sunod na malalakas na hambalos sa ulo at mas marami pang bigwas sa katawan na idudulot ng BHB, kaalinsabay ang malawak at maiigting na kilusang protesta at iba't ibang mga pakikibaka ng mamamayang Pilipino ang titibag sa mga haligi ng rehimen na hahantong sa pagbagsak nito. **AB**

**Sa pamamagitan ng  
pagpapaigting ng  
digmang bayan,  
naipakikita ng mga  
rebolusyonaryong  
pwersa at  
sambayanang Pilipino  
na hindi sila  
magpapalupig at  
handang nilang labanan  
at gapiin ang  
pasistang brutalidad  
at terorismo.**

 <p>Taon XXXVIII Blg. 7      Abril 7, 2007</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p><a href="http://www.philippinerevolution.net">www.philippinerevolution.net</a></p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: <a href="mailto:angbayan@yahoo.com">angbayan@yahoo.com</a></p>	
<b>Nilalaman</b>	
<b>Editorial</b>	<b>1</b>
Mga aksyong militar sa anibersaryo Arroyo, nagkasala—PPT	<b>3</b>
Ulat ni Prof. Alston, isinumite sa UN	<b>4</b>
Sigaw sa buong daigdig	<b>5</b>
Dagdag pang pagdukot, pagpaslang	<b>6</b>
9 na anyos, pinaslang ng militar	<b>7</b>
Ka Satur, pinalaya na	<b>8</b>
Mga nominado sa <i>party-list</i> , inililingid sa publiko	<b>9</b>
Hayok sa pondo	<b>10</b>
Anomalya sa pag-iimprenta ng balota	<b>11</b>
Paratang ng militar, pinabulaanan	<b>12</b>
NDF-Negros, nakiisa sa mga magsasaka sa Hacienda Velez-Malaga	<b>12</b>
<b>Balita</b>	<b>13</b>
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	



# Mga aksyong militar sa pagdiriwang ng ika-38 anibersaryo ng BHB

**D**i bababa sa 16 na malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga armadong aksyon sa iba't ibang bahagi ng kapuluan nitong Marso. Limang pwersa ng rehimen ang namatay at apat ang nasugatan sa mga aksyong militar na ito. Dalawa namang sagadsaring berdugo ang ginawaran ng parusa.

Dalawa sa mga armadong aksyon ay inilunsad noon mismong Marso 29 bilang paggunita sa ika-38 anibersaryo ng BHB.

**Sa Masbate.** Tatlong elemento ng PNP Special Action Force ang natapatay nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Lahong, Baleno nitong Abril 3. Kabilang ang mga pulis sa reimporsment na tutugis sana sa yunit ng BHB matapos na sumalakay at magdisarma sa mga gwardya ng Filminera Resources Corp. sa Barangay Bariis sa kalapit na bayan ng Aroroy noong Abril 3.

Ginawaran naman ng mga Pulang mandirigma ng parusang ka-

matayan si SP04 Ruben Caña noong Marso 17. Nakumpiska kay SP04 Caña ang isang M79 *grenade launcher*, isang M16, isang Garand, dalawang karbin, dalawang *shotgun*, isang M14, dalawang kalibre .22 rebolber at mga magasin ng iba-ibang baril. Ayon sa Jose Rapsing Command, kumand ng BHB sa prubinsya, nahatulan ng kamatayan si Caña sa mga kasong pamamaslang, panununog, pangangalabaw at pangungulimat. Pinakamabigat niyang kasalanan ang matinding paglabag sa karapatang-tao.

**Sa Abra.** Tatlong pulis ang natapatay at isa ang malubhang nasugatan sa ambus na inilunsad ng Agustin Begnalen Command (ABC) ng BHB sa Barangay Pacoc-Talampac, Lacub noong Marso 29. Ayon sa panimulang ulat, naganap ang ambus bandang alas-11:45 ng umaga at tumagal nang 15 minuto. Pagkatapos ng labanan ay ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandi-



rigma habang patuloy pang nagpa-putok ang kaaway hanggang sunduin sila ng isang helikopter na Huey bandang alas-4:30 na ng hapon. Ang ambus ay parusa sa matinding pang-aabuso ng militar sa mamamayan doon.

**Sa Surigao del Sur.** Pitong malalakas na riple, pitong radyong VHF at isang *laptop computer* ang nasamsam ng BHB sa reyd sa isang kumpanya ng troso sa Sityo Mendezona, Raja Cabungsuang, Lingig noong Marso 20. Sorpresang napasok ng mga mandirigma ang *compound* ng kumpanya at hindi na nakapanalaban ang mga gwardya. Naipagtagumpay ang reyd nang walang putok at walang pinsala sa magkabilang panig.

Marso 29, bandang alas-6 ng umaga, hinaras ng BHB ang detachment ng CAFGU sa *compound* ng konsesyon sa pagtotroso ng Surigao Development Corporation na pag-aari ng pamilyang Puyat. Matapos ito ay tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang nagreimpors na tropa mula sa 58th IB na lulan ng isang *dump truck*. Tatlong elemento ng CAFGU ang nasugatan

## Bigwas sa kinamumuhiang rehimen

SA pagdiriwang ng ika-38 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), inilabas ng Sine Proletaryo ang bidyong pinamagatang *Bigwas*. Ang Sine Proletaryo ang bisig sa bidyo ng Kawanihan sa Impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang *Bigwas* ay tumatalakay sa kapasyahan at kahandaan ng BHB na pag-ibayuhin ang mga taktikal na opensiba sa buong kapuluan bilang tugon sa tumitinding mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimen ng Arroyo. Tampok sa bidyo ang mga panayam sa mga lider at tagapagsalita ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa.

Ang bidyo ay ipinamamahagi sa pormat na VCD at DVD. Mapapanood at makukuha rin ito sa *internet*: sa *website* ng rebolusyong Pilipino ([www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)) at sa popular na YouTube. Mapapanood at makukuha rin sa naturang mga *website* ang bidyo ng mga awiting "Pagbati" at "Panaghoy," mga orihinal na komposisyong ginamit sa *Bigwas*.

AB

Sundan sa "Mga aksyong..." pahina 4



Hatol ng Permanent People's Tribunal

## Arroyo, nagkasala

**S**inalubong ng masigabong palakpakan ang hatol na ibinaba ng Permanent People's Tribunal (PPT) sa mga kasong isinampa laban kay Gloria Arroyo at George W. Bush noong Marso 25 sa The Hague, The Netherlands. Sa harap ng mahigit 300 dumalo, hinatulang nagkasala ang gubyernong Arroyo at ang kasabwat nitong gubyrnong Bush sa tatlong kaso ng mabibigat na krimen sa mamamayang Pilipino.

Sa loob ng tatlong araw na tuluy-tuloy na paglilitis, dininig ng mga hukom ang mga salaysay ng mga eksperto, biktima at kanilang mga pamilya at pinag-aralan ang kahun-kahong ebidensya bago hatulan ang mga rehimen nina Arroyo at Bush sa sumusunod na mga krimen:

► Laganap at sistematikong paglabag sa mga karapatang sibil at pulitikal, ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at pagkawa-

la, masaker at tortyur

► Laganap at sistematikong paglabag sa mga karapatang pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura

► Laganap at sistematikong paglabag sa pambansang kasarinlan at kalayaan

Ang katatapos na sesyon ng PPT kaugnay sa Pilipinas ay pangalawa na sa kasaysayan nito. Ang unang sesyon ay idinaos noong 1980. Sa unang sesyon nito, hinatulan ng PPT na nagkasala ang diktadurang Marcos at gubyrnong US sa sistematikong paglabag sa kasarinlan, mga karapatang-tao at mga karapatang demokratiko at sosyo-ekonomiko ng mamamayang Pilipino.

Ang lupon ng mga hukom ng PPT ay pinamunuan ni Fr. Francois Houtart, isang Belgian at direktor ng Centre Tricontinental, isang internasyunal na institusyong tumutulong sa iba't ibang kilusang panlipunan sa daigdig. Ayon sa kanya, katakut-takot ang kanilang natanggap na mga ebidensya at testimonya na nagpatunay sa krimen ng mga akusadong sina Arroyo at Bush at mga kasabwat nila.

Sa mga pagdinig nitong Marso 21-23 bago ang paghahatol, binaybay ng PPT ang kasaysayan ng kahirapan at paglaban ng mamamayang Pilipino mula noong unang sesyon. Ayon sa mga hukom, wala silang nakitang pagbabago sa pamulitika at sosyo-ekonomikong kalagayan ng bansa. Bagkus, sumahol pa ang paghihirap at pagdurusa ng mamamayang Pilipino nitong nakaraang 27 taon.

Anila, ang kalagayang ito ang nagtulak sa mamamayan na lumaban at organisahin ang kanilang mga sarili sa mga progresibo at demokratikong samahan. Ang mga organisasyong ito ngayon ang target ng brutal at madugong kampanya



Sundan sa "Mga aksyong..." pahina 4

sa pananambang na isinagawa sa Barangay Pakwan, Carmen, Surigao del Sur. Ang aksyong inilunsad ng BHB ay tugon sa napakaraming reklamo ng mamamayan sa lugar ukol sa pagmamalupit ng kumpanya ng troso na sumasaklaw ng 33,000 ektarya.

**Sa Samar.** Isang M16 ang nasamsam ng mga gerilya ng BHB ng lubyubin nila ang isang tsekpoynit ng PNP sa Sityo Talahib, Trinidad, Calbayog City noong Marso 23. Dalawang pulis ang napatay sa labanan at ligtas na nakaaatras ang mga mandirigma.

**Sa Northern Samar.** Ginawaran ng parusang kamatayan ng isang tim ng BHB sa Northern Samar si Sgt. Jose D. Baccol ng 52nd IB sa Barangay Bugay, Las Navas noong Marso 11. Si Baccol ay ahente ng Military Intelligence Group na nakatalaga sa mga bayan ng Las Navas, Catubig at Pambujan. Siya ang *handler* at organisador ng mga impormer ng militar sa mga bayang ito at responsable sa napakaraming panggigipit at pagpatay sa mga kasapi ng mga ligal na organisasyon at mga pangkaraniwang mamamayan sa lugar. Responsable rin siya sa pagreyd sa ilang base ng BHB sa Las Navas at Catubig mula pa noong 2001. Ipinagbunyi ng mamamayan ang ginawang pagpaparusa. AB

ng panggigipit at pamamaslang ng rehimeng Arroyo.

Hinatulan din ng hukuman ang rehimeng Bush dahil, anito, ang mga paglabag sa karapatang-tao at mga krimen ng rehimeng Arroyo ay hindi maaaring ihiwalay sa mga patakarang pang-ekonomya at militar ng US at sa "gera kontra-terorismo" na idineklara ni Bush sa Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.

Tinukoy din ng PPT ang "sentral na papel" ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kampanya ng panggigipit at pamamaslang. Ayon sa mga hukom, nagsisilbi itong pangunahing instrumento sa panunupil at pagpapatupad ng ekstraligal na mga operasyong ginagabayan at pinopondohan ng mga ahensyang pangseguridad at "pangkontra-insurhensya" ng US. Ang pagsalig ni Arroyo sa US at sa armadong hukbong sinanay ng US ang susi sa pagpapatatili ng kanyang rehimen.

Tinukoy ng PPT na ang Oplan Bantay Laya ang pinakahuling anyo ng programang "kontra-insurhensya" na sinimulan sa ilalim ng diktadurang Marcos. Anito, ang OBL na ang produkto ng mahigit tatlong dekada ng bigong pagtatangkang sugpuin ang paglaban ng mamamayan.

Sa hatol nito, napakalinaw na tinukoy ng PPT ang rehimeng Arroyo bilang salarin sa mga pampulitikang pamamaslang, pagdukot, pagtorturyur at iba pang karahasan sa mga aktibista at mamamayang Pilipino. Isa ito sa pinakaabanteng pagsusuri mula sa internasyunal na komunidad. Ayon sa mga nagsakdal, hinigitan pa nito ang inaasahan nilang hatol.

Awtomatikong isusumite ng PPT ang naabot nitong hatol sa European Commission, United Nations Human Rights Council (UNHRC) at iba pang internasyunal na institusyon at iba't ibang gubyerno. Dahil sa lansakang paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao, inirerekomenda ng PPT ang kagyat na pagtatanggal ng Pilipinas bilang myembro ng UNHRC.

Upisyal na inimbata ng PPT ang gubyerno ni Arroyo at ng US, ngunit tumanggi ang mga itong lumahok sa paglilitis. Sa halip, minaliit nito ang hukuman at inatake ang integridad ng mga hukom at mga dumalo. Ipinakita ni National Security Adviser Norberto Gonzales ang kanyang labis na kamangmangan nang patuya niyang tawaging isang "*international communist kangaroo court*" ang PPT.

Ipinagbunyi naman ng mga pamilya ng biktima, mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao at mga progresibong organisasyon at personahe ang hatol ng PPT.

AB

## Panimulang ulat ni Alston, isinumite sa UNHRC

Formal na isinumite ni Prof. Philip Alston ang kanyang paunang ulat sa UN Human Rights Council noong Marso 28. Kumpara sa nauna niyang ulat na binasa noong Pebrero bago siya umalis sa Pilipinas, mas direkta niyang tinukoy ang "walang kaduda-dudang responsibilidad" ng militar at pulisya sa mga nagaganap na pamamaslang ng mga aktibista. Aniya, ang mga patakaran ng naghaharing rehimen at ang pinalalaganap na kaisipan sa mga militar at pulis ang ugat at nagsisilbing balangkas ng mga ekstrahudisyal na pagpatay.

Ayon kay Alston, ang paglulunsad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng "pampulitikang gera" ay mabilis na humahantong sa paggamit di lamang ng mga salita kundi ng baril laban sa mga progresibong pwersa. Pinakadramatikong paglalarawan nito ang nakuha niyang 110-pahinang *order of battle* ng AFP, kung saan nakalista ang maraming lider at myembro ng mga progresibong organisasyon na itinuturing na "di-lehitimo" at dapat "nyutralisahin." Malaking bilang ng mga indibidwal sa naturang listahan ang naging biktima na ng pampulitikang pamamaslang.

Ani Alston, "ang dalawang pinakaimportanteng saligang sanhi ng nagaganap na mga ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista ay ang paninira at pagbabansag sa mga organisasyon ng mamamayan bilang mga 'prenteng organisasyon' ng PKP at mga 'kaaway ng estado;' at ang estratehiyang 'kontra-insurhensya' ng gubyerno na gumaganyak o nagbibigay-daan sa mga ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista at iba pang mga 'kaaway'."

Tinukoy din niya ang pagdodoble-kara ng rehimeng Arroyo sa usapin ng paglutas ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang. Aniya, nagpapakita ang rehimen ng umano'y mga hakbangin para imbestiga-





han ang mga pagpatay. Subalit lumalabas na karamihan sa bukambibig nitong mga hakbangin ay inutil at hanggang papel lamang. Mariing binatikos ni Alston ang iba't ibang organo ng gubyrerno, kabilang na ang Malacañang dahil sa "pagiging pasibo, na halos uma-bot sa pagbitiw sa responsibilidad." Aniya, pinakamalaking hadlang sa anumang hakbang para mapanagot ang mga umaabuso sa kapangyarihan ang mismong mga kautusan ng Malacañang na pumipigil sa mga upisyal ng gubyrerno at militar na lumahok sa kaugnay na mga pagdinig sa mga pagdinig ng lehislatura. Binatikos ni Alston ang Committee on Human Rights ng Senado na pinamumunuan ni Sen. Juan Ponce Enrile na tahasang tumangging imbestigahan ang lansakang mga paglabag sa karapatang-tao sa mababaw na dahi-lang wala umano itong iaambag sa paggawa ng batas.

Tinuligsa rin ni Alston ang Department of Justice dahil sa sukdulan nitong iresponsibilidad at kawalan ng anumang interes na itaguyod ang karapatang-tao.

Aniya, ipinauubaya lamang nito sa pulisya ang karamihan sa mga kaso.

Gayundin, ani Alston, kahit may konstitusyunal na responsibilidad ang Office of the Ombudsman na siya-satin ang mga pampulitikang pamamaslang sa bansa at kahit may espesyal itong yunit na nakatuon sa gayong mga kaso, hindi nito nagagawa ang gayong tungkulin. Hindi inaksyunan ang kahit isa man lamang sa 44 na kaso ng pamamaslang na naisampa rito mula 2004 hanggang 2006.

Sinabi pa ni Alston na makaraan ang isang buwan mula nang ilabas niya ang kanyang inisyal na ulat, wala siyang makitang dahilan para umasang lulutasin ng rehimen ang mga kaso. Nagbabala siya na kalunus-lunos ang kahihinatnan ng rehimen ng Arroyo kung hindi nito maayos na haharapin ang usapin ng mga pampulitikang pamamaslang. Aniya, naitutulak lamang nito ang mga grupong oposisyon na "mamundok" kaysa lumahok sa mga parlamentaryong proseso. **AB**

## Sigaw sa buong daigdig: Itigil ang pamamaslang!

**P**atuloy na lumalawak ang hanay ng mga internasyunal na organisasyon, ahensya at prominenteng indibidwal na tumutulgisa sa rehimen ng Arroyo at sa patakaran nito ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga lumalaban sa paghahari nito. Lumalawak din ang panawagang bigyan ng katarungan ang mga biktima.

**Archbishop Emeritus Desmond Tutu.** Nanawagan si Archbishop Emeritus Desmond Tutu ng South Africa na itigil ang mga pamamaslang sa mga aktibista at mamamahayag sa Pilipinas. Si Bishop Tutu ay tumanggap ng Nobel Peace Prize noong 1984 bilang pagkilala sa kanyang paglaban sa rasistang pang-aapi at pagsusulong ng pantay na karapatang sibil para sa lahat.

Sumusuporta si Archbishop Tutu sa laban para kamtin ang katarungan para sa mga biktima ng pamamaslang sa Pilipinas at sa pagli-

litis ng Permanent Peoples' Tribunal (PPT) sa mga kasong kriminal ng rehimen ng US-Arroyo. Ayon kay Archbishop Tutu sa kanyang mensahe ng pagsuporta sa PPT, "habang tayo ay nag-sasalita, ang mga kapatid natin sa Pilipinas na nakikipaglaban para sa hustisya at kagalingan ay pinagpapapaslang."


Mariin niyang ipinahayag sa rehimen ng Arroyo ang mensaheng "Itigil ang paghahasik ng lagim sa mga mamamayang humihingi ng hustisya sa inyong bansa. Itigil ang paggamit sa sinasabing gera kontra-terorismo para apihin at patayin ang inyong mamamayan."

Mariin niyang ipinahayag sa rehimen ng Arroyo ang mensaheng "Itigil ang paghahasik ng lagim sa mga mamamayang humihingi ng hustisya sa inyong bansa. Itigil ang paggamit sa sinasabing gera kontra-terorismo para apihin at patayin ang inyong mamamayan."

**AHRC.** Tinuligsa ng Asian Human Rights Commission (AHRC) ang rehimen ng Arroyo sa pangangalandakan nito sa umano'y mga tagumpay sa ekonomya bilang patunay ng sinasabi nitong matatag na demokrasya sa bansa. Ang AHRC ay isang grupong nagtataguyod sa karapatang-tao na itinatag noong 1984 at nakabase sa Hongkong.

Binatikos din ng AHRC ang gubyrernong Arroyo sa pagsikil nito sa mga lumalaban sa mga aksyon at patakaran ng gubyrerno, gayundin sa pagmamaniplula nito sa sistemang pulitikal at ligal upang bigyang-matwid ang mga iligal nitong aksyon.

Anang AHRC, walang tunay na demokrasya sa Pilipinas dahil halos araw-araw ay binibiktima ang mga aktibista ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, panonortyur at pang-aa-



take.

**Ulat sa UNHRC.** Isinumite ng delegasyon mula sa Pilipinas ang ulat na pinamagatang "Let the stones cry out!" sa pulong ng United Nations Human Rights Council (UNHRC) noong Marso 19 sa Geneva, Switzerland. Nanguna sa delegasyon ang mga kinatawan ng National Council of Churches in the Philippines (NCCP), Philippines Ecumenical Bishops' Forum, United Church of Christ in the Philippines at Moro Christian People's Alliance. Kasama rin nila ang kinatawan ng United Methodist Church sa US. Inisponsor ng World Council of Churches (WCC) at ng Lutheran World Federation (LWF) ang partisipasyon ng delegasyong ito sa pulong ng UNHRC.

Laman ng ulat ang mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas kung saan tampok ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga indibidwal na anti-Arroyo. Gayundin, inilakip ng delegasyon sa ka-

nilang ulat ang "kolektibong panawagan para sa hustisya ng libu-libong Pilipino...na nakararanas ng matitinding paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng estratehiyang 'kontra-insurhensya' at kontra-terorismo ng gubyrerno."

**IPU.** Hindi na lamang ang pagpipiit at panggigipit sa mga kinatawan ng progresibong partido ang iimbestigahan ng Inter-Parliamentary Union (IPU) kundi pati na rin ang mga kaso ng pamamaslang at pagdukot sa mga aktibista. Ang IPU ay isang pandaigdigang organisasyon ng 140 lehislatura, kabilang ang Pilipinas. Parating ngayong Abril ang tim mula sa IPU na magsisiyasat sa kalagayan ng karapatang-tao sa bansa.

Hindi pa man nakakarating sa bansa ang tim na ito ay agad na itong binastos ng tatlong kandidato sa pagkasenador ng kampo ni Arroyo sa pagsasabing wala silang karapatang mag-imbestiga sa bansa.

### Mga simbahan sa Canada.

Nagpetisyon sa parlamento ang mga simbahan sa Canada na magsagawa ito ng imbestigasyon sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa Pilipinas. Ang petisyon ay tugon sa panawagan ng mga lider-simbahan sa Pilipinas para sa pakikiisa laban sa mga pamamaslang.

**FIDH.** Pinili ng Fédération Internationale des Droits de L'homme (FIDH o International Federation for Human Rights) ang Pilipinas na paglunsaran sa Asia ng taunang ulat nito para sa 2006. Ang FIDH ay isang pandaigdigang alyansa ng mga grupong nagtataguyod sa karapatang-tao na itinatag noong 1922 at nakabase sa France. Kinabibilangan ito ng 141 grupo mula sa mahigit 100 bansa.

Pinili ng FIDH ang Pilipinas pangunahin dahil sa sinasabi nitong mabilis na pagdami ng mga paglabag sa karapatang-tao sa bansa kumpara sa ibang bansa sa Asia. **AB**

## Dalawang lider-magsasaka sa Cagayan, brutal na pinaslang

**D**alawang lider-magsasaka at dalawa pang myembro ng mga progresibo organisasyon ang pinakahuling biktima ng pasistang kampanya ng rehimen ng Arroyo mula Marso 10 hanggang Abril 4.

**Abril 4.** Natagpuan ang mga bangkay nina Arthur Orpilla at Dionisio Battad, kapwa 50 taong gulang, sa tabi ng Cagayan River sa bayan ng Lallo, Cagayan. Nakalagay ang mga bangkay sa dalawang *plastic bag* na pambasura sa ilalim ng Magapit Bridge. Tadtad ng saksak si Orpilla samantalang may mga tama naman ng bala si Battad.

Sina Orpilla at Battad ay parehong myembro ng Anakpawis at ng Kagimungan ti Cagayan Valley, alyadong organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Ayon sa KMP, sina Orpilla at Battad ay kap-

wa pinagbantaan ng militar bago sila dukutin at paslangin.

Ayon sa KMP, pumunta sa isang detatsment ng 17th IB sina Orpilla at Battad noong Marso 27 subalit hindi na sila nakauwi. Ang mga residente ng Bagunot ay inoobliga ng militar na magreport sa detatsment sa umaga bago pumunta sa trabaho at sa gabi bago umuwi sa kani-kanilang tahanan.

**Abril 3.** Dinukot si Lourdes "Nanay Ode" Rubrico, 61, sa Barangay Sta. Cruz, Dasmariñas, Cavite. Si Nanay Ode ang presidente ng Umaga Federation sa ilalim ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) sa Cavite. Alas-2:30 ng hapon, habang nakikinig ng Pasyon si Nanay Ode ay nilapitan siya at kinaladkad ng anim na armadong lalaki at isinakay sa kulay *brown* na *van* na may plakang XRR-428.





**Marso 14.** Pinaslang ng mga berdugo sa ilalim ng 4th ID si Godofredo Garay, 46, isang negosyante at aktibong myembro ng Bayan Muna. Pinagbabaril siya sa kanyang bahay sa Purok 4, Wasian, Rosario, Agusan del Sur. Matapos ang pamamaslang ay ipinagkalat ng AFP ang kasinungalingan na si Garay ay pinatay ng BHB.

Binaril naman nang 16 na beses ng dalawang nakabonet at nakamotorsiklong lalaki si Cipriano Ligaspo, 43, sa Masapia, San Andres, Bunawan, Agusan Del Sur, ilang metro lamang ang layo mula sa kampo ng militar. Binaril siya habang pauwi sa kanyang bahay sa Sta. Monica, Bunawan Brook, Bunawan.

Bago paslangin si Ligaspo, ilang ulit siyang hinaras at pinagbantaang papatayin ng mga sundalo. Pinagbibintangan siya ng mga militar na tagasuporta ng BHB. Noong Pebrero 20, hinuli ng mga sundalo si Ligaspo, ang kanyang kapatid at lima pang mga magsasaka. Isinakay sila ng mga sundalo ng 36th IB sa trak at idinetine sa hedkwarters sa Scaling, Barangay San Roque, Bislig City, Surigao del Sur. Kinunan sila ng litrato at bidyo. Inimbestigahan sila nang walang abugado sa magkakahiwalay na silid at isinailalim sa sikolohikal na tortyur. Pinalaya sila ngunit binantaang papatayin kung patuloy umano silang susuporta sa BHB.

**Marso 10.** Hinuli si Al Jakirani, 17, ng limang sundalo mula sa Naval Intelligence Special Group (NISG). Si Jakirani, isang drayber ng *pedicab*, ay sapilitang isinakay sa isang *navy boat* patungong Zamboanga City habang nag-aabang siya ng pasahero sa pyer sa Isabela City. Hinuli siya dahil sa pagkakahawig ng kanyang pangalan sa isang "Abu Usman" na sangkot sa *kidnapping* sa Golden Harvest noong 2001. Labing-isang taong gulang pa lamang si Jakirani noon.

Tinortyur si Jakirani habang iniimbestigahan. Lumabas sa kanyang *medical examination* na nagtamo siya ng mga pilay at sugat sa dibdib at tiyan. Isinalaysay ni Jakirani na ginulpi siya at tatlong beses na kinuryente sa kanyang ari habang ipinaiilalim sa interogasyon.

Ang tunay na pangalan ni Jakirani ay Al Jakirani Y Alih na hindi katulad ng pangalan ng sinasabing lider ng Abu Sayyaf na si Al Hari Jakiri y Alidjan na kilala sa tagwag na Abu Usman. Sa kabila ng pagkakamali, nananatili pa ring nakakulong si Jakirani.

Kinukundena ng Suara Fatimats (Suara Women), isang organisasyon ng kababaihang Moro ang paghuli at pagbibilanggo kay Jakirani. Anila, nilabag ang mga karapatan ni Jakirani sa ilalim ng UN Convention on the Rights of the Child at ng Revised Penal Code. Ipinanawagan ng SUARA Fatimats ang agarang pagpapalaya kay Jakirani at ang pagpaparusa sa mga sundalong humuli at nagkukulong sa kanya.

AB

## 9 anyos na bata, pinaslang ng militar

**M**ariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagpaslang ng mga tropang militar sa siyam na taong gulang na si Grecil Galacio nitong Marso 31 sa Purok 6, Barangay Kahayag, New Bataan, Compostela Valley at sa pagpapakalat ng kasinungalingan na siya ay isang "batang sundalo" ng BHB.

Alas-8 ng umaga nang magpaalam si Grecil at ang kanyang nakababatang kapatid na si Gary, 6, sa kanilang magulang upang maligo sa sapa. Ilang saglit lang, sinalakay ng mga sundalo ang sityo kung saan nagpapahinga ang isang tim ng mga Pulang mandirigma. Tumakbo palayo sa kanilang tahanan sina Gregorio Galacio at Virginia Buya, mga magulang ni Grecil, dala ang dalawa pa nilang maliliit na anak.

Walang kalaban-labang binaril ng mga sundalo si Grecil habang takot na takot na umiiwas sa putukan. Tinamaan siya sa kanang siko at sa kaliwang sentido.

Upang pagtakpan at bigyang-matwid ang kanilang krimen, ipinagkalat ng AFP ang napakalaking kasinungalingang si Grecil ay isang mandirigma ng BHB. Ayon kay Brig. Gen. Carlos Holganza, nakita pa ng mga sundalo na may dalang armas si Grecil, bagay na maring pinabulaanan ng ina niyang si Virginia. Aniya, "Ang liit pa ng anak ko, nwebe anyos. 'Tapos sasabihin nilang NPA siya?'"

Binatikos din ng PKP ang ginawang pambastos ng militar sa bangkay ni Grecil nang lagyan ito ng mga sundalo ng isang M16 at mga bala bago kunan ng litrato. Magkasing-haba lamang siya at ang baril na itinabi sa kanya. Pinatunayan ni Barangay Capt. Eulogio Almasa at ng mga kapitbahay ng mga Galacio na walang tangang baril at mga bala ang bangkay ni Grecil na kanilang nakita.

Pinanindigan din ni Almasa na hindi mga kasapi ng BHB si Grecil o sinuman sa kanyang pamilya. Si Grecil ay katatapos lamang ng Grade 2 sa SimSimen Elementary School.

Sa walang awang pagpatay kay Grecil, muling ipinapakita ng AFP ang brutalidad nito, ang

*Sundan sa "9 anyos na bata..." sa pahina 9*



# Ka Satur, pinalaya na

**P**ansamantalang pinalaya ng Korte Suprema si Rep. Satur Ocampo nitong Abril 3, matapos ang 19 na araw na pagkakakulong sa Western Police District. Inutos ito ng korte habang pinag-aaralan pa nito ang petisyon ni Ocampo na ibasura ang kasong *multiple murder* na isinampa ng gubyerno laban sa kanya sa Regional Trial Court sa Hilongos, Leyte. Ang kautusang ito ay itinuturing ni Ocampo at mga abugado niya na malaking tagumpay at nagpapakitang mahina at depektibo ang kasong isinampa laban sa kanya.

Sa kanyang paglabas ng piitan, muling iginiit ni Ocampo na ang mga kasong ibinibintang sa kanya ay malisyoso at gawa-gawa lamang. Binatikos niya ang garapalang panggigipit sa kanya at sa pinamumunuan niyang partidong Bayan Muna. Aniya, ang lahat ng ito ay bahagi ng plano ng rehimeng Arroyo na ibaling sa kanya at ibang pang progresibong pwersa ang bintang sa kampanya ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga pwersang militar, at hadlangan ang pangangampanya at napipintong tagumpay ng Bayan Muna at mga katulad nitong progresibong partido.


Sa pagdinig sa Korte Suprema noong Marso 30, inilantad ng mga abugado ni Ocampo ang kasinungalingan ng mga bintang sa kanya. Una'y inilinaw nila na nakakulong si Ocampo nang umano'y iutos niya ang pagpatay sa 15 pinaghihinalang ahente ng militar sa hanay ng BHB sa Leyte. At pangalawa'y inakusahan nila ang militar ng pagpapalabas na "ebidensya" ang pareparehong kalansay na inililipat-lipat lamang sa iba't ibang "mass grave" at ginagamit sa iba't ibang kaso. Inilantad ng mga abugado ni Ocampo na ang 67 kalansay na umano'y nahukay sa Inopacan, Leyte ay ginamit na noong 2001 hanggang 2005 sa iba't ibang kaso laban sa mga lokal na aktibista. Ayon sa mga dokumento na nakalap ng Bayan Muna, noong 2000 ay nagsampa si 1st Lt. Rembert Baylosis ng 43rd IB ng

kaso laban sa mga aktibista dahil sa umano'y nahukay na mga kalansay sa Baybay, Leyte. Ibinasura ng RTC ang kaso noong 2005 dahil sa kawalan ng batayan.

Ang mga kalansay ng lima sa umano'y mga biktima (sina Domingo Eras, Gregorio Eras, Leonardo Eras, Juanita Aviola, at Concepcion

Aragon) ay nauna nang "nahukay"

sa Monterico, Baybay, Leyte noong 2000, at mulina nang "nahukay" sa Mt. Sapang Dako, Inopacan, Leyte noong 2006. Pareho ring mga "saksi" ang ginamit sa naibasurang kaso noong 2000 at sa



kasalukuyang kaso laban kay Ocampo.

Kinwestyon din ng Korte Suprema kung bakit, makaraan ang mahigit 20 taon, ay ngayon na lamang nagsampa ng kaso laban kay Ocampo ang mga pamilya ng biktima ngayong tumatakbo siya para sa Kongreso. Ayon pa sa isang mahistrado, ito'y "lubhang kagulatgulat at nakapagtataka."

Sa kanyang pagsusuma sa pagdinig, binanggit ni Chief Justice Reynato Puno na maaaring balikan ng Korte Suprema kung mayroon nga bang sapat na batayan sa pagsasampa ng kaso laban kay Ocampo.

Sa kabila ng pagpapalaya kay Ocampo, nagbabala si Jose Ma. Sison, konsultant ng NDFP sa usa-

## "9 na anyos na bata..." mula sa pahina 8

kawalan nila ng respeto sa kapakanan ng mga sibilyan, maging ng mga bata, at ang paglapastangan nila sa mga internasyunal na alituntunin na nagbibigay-proteksyon sa mga di kombatant.

Sa isang pahayag, nakidalamhati si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, sa pamilya ng biktima. Aniya, "gagawin ng BHB ang lahat sa abot ng makakaya nito upang makamit ang katarungan at pagbayarin sa kanilang malupit na krimen ang mga pasistang sundalong pumatay kay Grecil."

Ang pagpaslang kay Grecil, paglapastangan sa kanyang bangkay at pagsisinungaling hinggil sa sirkunstansya ng kanyang pagkamatay ay isa lamang sa malaon nang maiitim na gawain ng militar. Pilit na naglulubid ng kasinungalingan ang militar upang siraan ang BHB kahit pa kapalit nito ang buhay ng walang kalaban-labang mga bata. **AB**

pang pangkapayapaan at isa sa mga kapwa akusado ni Ka Satur, na hindi pa rin sila titigilan ng rehimeng Arroyo.

Hindi pa nga sila tinatantanan ng Malacañang at mga alipures nito. Sa inis ni Justice Secretary Raul Gonzalez sa pagpapalaya kay Ocampo, binastos niya ang Korte Suprema na inakusahan niya ng "napakaespesyal na pagtrato" kay Ocampo. Inutusan niya ang mga abugado ng estado na magsampa ng apila sa Korte Suprema para ibalik si Ocampo sa kulungan. Para si-kaping masalba ang kaso, pinaghiwa-hiwalay ngayon ni Solicitor General Agnes Devanadera ang kaso ng *multiple murder* sa 15 indibidwal na kaso ng *murder*—isa sa bawat ipinapatay umano ni Ocampo.

Kasabay nito, tuloy pa rin sa paglulubid ng mga kwento ang AFP laban kay Ocampo. Sa loob ng sunud-sunod na araw ay pinalabas ng militar na may nahukay na naman silang "*mass grave*" ng mga umano'y pinatay ng BHB sa Hilongos, Leyte na muli'y iniuugnay sa kongresista.

Noong araw ng paglaya ni Ocampo, dinala pa ng

AFP ang ilang residente ng Hilongos upang magdaos ng isang *press conference* laban kay Ocampo.

Bago nito, nagpakana rin ng *press conference* ang AFP noong mismong araw ng pagdinig sa Korte Suprema, kung saan humarap sa midya ang nakatalukbong na si Julie Flores Sinohin, dati umanong kasapi at "*hitman*" ng BHB. Kasama ni Sinohin ang nakatalukbong din na mga byuda ng mga ipinapatay umano sa kanya nina Ocampo, kasama sina Teddy Casiño, Liza Maza at Rafael Mariano.

Isa pang huwad na saksi, si Cleotilde Peralta Aguilar, ang lumabas sa midya at nagsabing ginamit ng apat na kongresista ang kanyang bahay sa Bongabon, Nueva Ecija para planuhin ang mga pagpatay.

Bago ito, nagsampa na ng kasong *perjury* (pagsisinungaling sa mga upisyal na dokumento) sina Ocampo laban sa huwad na mga saksi ng rehimen. Anila, imposible ang sinasabi ng mga ito dahil ni hindi pa nabubuo ang Bayan Muna noong 1998, at noon namang 2001 ay hindi pa rin nakatayo ang Gabriela Women's Party at Anakpawis. **AB**

## Eleksyon sa *party-list*, balak manipulahin ng Malacañang

**N**agkukumahog ngayon ang Malacañang na makopo ang malaking bilang ng mga pwestong nakalaan para sa eleksiyong *party-list*. Kasado na ang makinarya sa pandaraya ng administrasyon para tiyaking hanggang 30 oposisyunista lamang ang mananalong kongresista ng mga distrito. Ang pinaghahandaan naman nito ngayon ay kung paano gagawing paborable sa rehimen ang kalalabasan ng eleksiyong *party-list*.

Bukod sa pagsisikap na mapigilan ang pananalò at pagdami pa ng makukuhang pwesto ng mga progresibong partido, nagkukumahog ngayon ang Malacañang na makapagsingit ng mga maka-Arroyong grupong *party-list*. Ito'y para matiyak ni Arroyo na hawak niya ang mahigit 2/3 ng Mababang Kapulungan at maibabasurang muli ang susunod na kasong *impeachment* na siguradong isasampa laban sa kanya pagsapit ng Hulyo.

Upang magawa ito, bumuo ang Malacañang ng mga grupong *party-list* na patatakbuhan sa eleksyon. At para hindi mabunyag ang mga kandidatong pinatatakbo ng rehimen sa ilalim ng sistemang *party-list*, bigla na lamang naglabas ang Commission on Elections nitong Abril 4 ng regulasyong nagbabawal sa mga grupong *party-list* na isapubliko ang mga nominado nila.

Ang maruruming taktikang ito ng Malacañang ay ibinunyag kamakailan ng isang kongresista na tinangkang suhulan ni Arroyo upang tumakbo bilang kandidato sa binuo nitong grupong *party-list* kapalit ng ₱5-20 milyon.

Bago ito, nabunyag na hindi kukulangin sa 11 partido ang binuo at tinutustusan ng rehimeng Arroyo. Natukoy na sina Undersecretary John Batara ng Office of External Affairs at Direktor nitong si Melvin Mitra mismo ang nagtayo at aktibong nagrerekruit ng mga myembro

at nominado ng ilan sa naturang mga partido.

Kabilang sa mga tinukoy na partidong "pakawala ng Malacañang" ang AKSA, Aangat tayo, Akbay Pinoy, Agbiag, ANAD, Ahon Pinoy, Aangat ka, Babae Ka, Biyaheng Pinoy, Kasangga, BANAT at Kakusa. Sa mga ito, mayroong direktang binuo ng mga alipures ni Arroyo tulad ng AKSA ni Sec. Norberto Gonzales na tinatauhan ng kanyang kapatid. Ang BANAT naman ay binuo ng Sigaw ng Bayan na nagsilbing instrumento ng rehimen sa naunsiyaming *people's initiative*. Ang iba naman ay tinatauhan ng mga anak ng mga pulitiko at burukratang kapanalig ng rehimen.

Kasabay nito, buong kawalanghiyaan namang inianunsyo ni Jovito Palparan na tatakbo siya sa ilalim ng grupong *party-list* na Bantay (dating True Marcos Loyalist). Ang Bantay ay isang pasistang organisasyon na binubuo ng mga CAFGU at grupong paramilitar. Layon ng pagtakbo ni Palparan ang pagpatuloy ng kanyang kampanya laban sa komunismo at mga programang "kontra-insurhensya." **AB**

## Hayok sa pondo

**G**inagamit na naman ni Arroyo ang kalunus-lunos na kalagayan ng mamamayan para lumikha ng pagkakataong makapangurakot. Noong Marso 24, iniutos ni Arroyo ang paglalabas ng ₱1 bilyong pondo para diumano sa programa laban sa gutom matapos lumabas sa iba't ibang sarbey ang lagapan na kagutuman sa bansa. Ginawa ito ni Arroyo matapos ulanin ng batikos ang kanyang pahayag na inuuna pa ng mga nagugutom ang mga luho kaysa pagkain at sa kanyang ipokritong pahayag na maging siya ay dumaranas ng gutom. Umaabot sa 53% ng mga pamilyang sinarbey ang nagsabing nagutom sila nang minsan o mahigit pa nitong nakaraang tatlong buwan.

Pagmamayabang ni Arroyo, susugpuin daw niya ang kagutuman sa loob lamang ng anim na buwan sa pamamagitan ng mga programang tulad ng "food-for-work", "food-for-parishes" at ng maanomalyang "food-for-school". Pawang mga pagbibigay-limos ito na hindi kailanman makapapawi sa tunay na mga ugat ng paghihikahos at kagutuman. Bukod rito'y iba pa ang tunay na paggagamitan ng mga pondong ito. Ang paglalabas ng pondo para sa mga proyektong ito ay tyempong-tyempo sa panahon ng eleksyon—kung kailan pinakakailangan ng kanyang mga alipures ang milyun-milyong pondo para maitawid ang kanilang mga kandidatura.

Nilikha ni Arroyo ang Anti-Hunger Task Force



upang pagtakpan ang pagdaloy ng pondo mula sa gubyrerno tungo sa makinaryang pangampanya niya at ng mga kapartido niya. Itinatalaga niya sina Health Secretary Francisco Duque III at Agriculture Secretary Arthur Yap upang pamunuan ang *task force* na ito at umaktong tagapamudmod ng pondo. Ang dalawang ito ay dati nang sangkot sa maanomalyang pamimigay ng pondo noong nakaraang eleksyon. Ayon sa *task force* na ito, gagamitin nila ang ₱1 bilyong pondo upang mamigay ng pagkain sa mga estudyante sa Grade 1 at *preschool* sa mga pampublikong paaralan sa Metro Manila at 10 pang prubinsya. Pero dahil wala nang pasok, didiretso sa mga magulang, guro at simbahan ang mga "benepisyo". Tulad ng inaasahan, nakatatak sa sako-sakong bigas at *noodles* na nakatak dang ipamigay ang pangalan ni Arroyo. Asahan din sa mga pakitang-taong seremonya ng pamimigay ang pagdalo ng mga kandidato ni Arroyo. AB

## Anomalya sa pag-iimprenta ng balota

**A**ng kumpanyang kinontrata ngayon ng gubyrerno para mag-imprenta ng mga balota at *election return* (ER) para sa eleksyon sa Mayo ay siya ring kumpanyang nag-imprenta ng mga huwad na ER na ginamit sa pandaraya sa eleksyon noong 2004.

Ang kontrata ay ibinigay ng National Printing Office (NPO) sa kumpanyang Grand C Graphics nang hindi idinadaan sa rekisitong *public bidding*. Si Felipe Evardone, direktor ng NPO, ang nagmanioobra para maibigay sa Grand C ang naturang kontrata. Noong isang taon pa ay sinimulan na ni Evardone ang diskwalipikasyon ng ibang im-


prenta sa pakikipagkontrata sa NPO.

Matatandaang sangkot si Evardone sa kontrobersya ng pagpapagamit sa mga pasilidad ng gubyrerno para mag-imprenta ng materyales para sa naunsyaming pakatang *charter change* ng rehimeng Arroyo.

Paborito ng pangkating Arroyo ang Grand C Graphics dahil malaon na nila itong nakakasabwat sa ilang pakana. Ito rin ang

kinomisyon ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) para mag-imprenta ng mga pangampanyang materyales ni Gloria Arroyo noong 2004 gamit ang pondo ng ahensya. Ito uli ang kinakatuwang ni Arroyo ngayon para dayain ang nalalapit na eleksyon.

Samantala, dahil sa mga kasong kinakaharap ni Evardone kaugnay ng mga anomalya sa NPO, napwersa na rin ang Malacañang na palitan siya. Inihalili sa kanya si Enrique Agana, isa ring tagakampanya ni Arroyo. AB



## Paratang ng militar, pinabulaanan ng BHB sa ICR

**M**ariing pinabulaanan ng Chadli Molintas Command (CMC) ng BHB-Ilocos-Cordillera Region (BHB-ICR) ang gawa-gawang kwento ng AFP na nagtatanim ang BHB ng marijuana sa Cordillera para pondohan ang rebolusyonaryong kilusan. Ani Ka Martin Montana, tagapagsalita ng CMC, nakikisakay ang AFP sa pagsisinungaling ng US State Department sa pananakot hinggil sa ilegal na droga. Gasgas nang kwento ng militar na kasabwat umano ang BHB sa pagtatanim at pagbebenta ng ilegal na droga. Idiniin niya na ang BHB ay may mahigpit na patakarang nagbabawal sa pagmanupaktura at paggamit ng droga kaya sa mga sonang gerilya nito ay walang magsasakang nagtatanim ng marijuana.

Tuluy-tuloy na edukasyon at matiayang panghihimok sa mamamayan ang paraan ng BHB sa kampanya nito laban sa pagtatanim at paggamit ng ilegal na droga sa mga sonang gerilya ng rebolusyonaryong kilusan. Hinihikayat ng BHB ang mga hindi pa organisadong magsasaka na pagsikapan ang ibang matinong paraan sa halip na bumaling sa pagtatanim ng marijuana para lamang may mapagkunan ng ikabubuhay. Gaano man kahirap ang dinaranas nilang buhay, mas malaking problema ang haharapin nila kung sila ay makulong. Ipinakikita rin sa kanila na hindi man sila gumagamit ng ilegal na droga ay masisira naman ang buhay ng ibang kababayan.

Mga upisyal ng pulisya at militar pa nga ang siyang nagpopondo, nagpapatanim at nagbebenta ng ilegal na droga sa Ilocos-Cordillera at kilala ang mga ito ng mamamayan, anang CMC. Madugo ang kanilang hidwaan hinggil dito dahil sa laki ng pondong nakukuha nila sa mga operasyong ito. Ang talamak na produksyon at kalakalan ng ilegal na droga ay palatandaan kung gaano kabulok ang umiiral na reaksyunaryong sistema ng lipunang Pilipino, ayon pa kay Montana. **AB**

## NDF-Negros, nakiisa sa mga magsasaka ng Hacienda Velez-Malaga

**N**agpahayag ng simpatya si Frank Fernandez, tagapagsalita ng NDF-Negros sa lumalabang mga manggagawang bukid ng Hacienda Velez-Malaga sa Barangay Robles, La Castellana, Negros Occidental. Malaon na silang nakikipaglaban at marami na silang nakamit na tagumpay ngunit ang mga ito ay ipinagkakait sa kanila ng despotikong panginoong maylupa na si Roberto Cuenca.

Kinundena ni Ka Frank ang mga maniobra ni Cuenca para pigilin ang pamamahagi ng mga lupa sa 122 manggagawang bukid na 11 taon nang nakikipaglaban para mapasakanila ang lupang ipinagkaloob na sa kanila sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Aniya, ipinakikita lamang nito kung gaano kahuwad ang repormang agraryo ng reaksyunaryong guberno. Gayundin, ipinakikita nito ang pagmamatigas ng malalaking panginoong maylupa sa rehiyon na pinamumunuan ng magkapatid na Mike at Ignacio "Iggy" Arroyo laban sa anumang klase ng reporma sa lupa.

Layunin ng mga panginoong maylupa rito na muling palawakin ang kanilang mga pag-aaring lupa upang dagdagan ang kanilang produksyon ng tubo. Buong akala nila na muling babangon ang namamatay nang industriya ng asukal dahil mataas ngayon ang presyo nito sa pamilihan at mayroon silang inaasahang demand para sa produksyon ng *ethanol*, isang klase ng alkohol na maaaring makuha sa tubo. Dahil dito, abala ang mga panginoong maylupa sa pagbawi ng mga lupang naipamahagi na sa mga magsasaka.

Para magawa ito, kabilang sa mga maniobra ni Cuenca ang paggamit niya sa Malaga Cuenca Multi-Purpose Cooperative at ng Hacienda Malaga Independent Workers' Union para kontrahin ang mga lumalabang manggagawang bukid sa ilalim ng Task Force Mapalad (TFM).

Tuso namang isinusubo ng mga kleriko-pasistang may hawak sa TFM ang mga manggagawang bukid sa mga gasgasang laban at pilit silang pinaniniwala at pinaaasa sa huwad na CARP ng reaksyunaryong rehimen. Ang TFM ay inorganisa niina Fr. Romeo Intengan at Norberto Gonzales ng Partido Demokratiko Sosyalista ng Pilipinas (PDSP) para linlangin ang mga magsasaka para sumuporta sila sa huwad na CARP, masabotahe ang mga pagsisikap na organisahin sila sa ilalim ng mga tunay na maka-magsasakang grupo at ilayo sila sa programa ng tunay na reporma sa lupa ng pambansa-demokratikong kilusan.

*Sundan sa "NDF-Negros..." sa pahina 13*

## Malacañang, sangkot sa iskandalo hinggil sa mga poste ng ilaw

DIREKTANG nauugnay ang pinakamatataas na upisyal ng rehimeng Arroyo sa iskandalo hinggil sa sobrang pagpepresyo ng mga poste ng ilaw na itinayo para sa 12th ASEAN Summit sa Cebu noong Enero 2007. Bukod kina Mandaue City Mayor Thadeo Ouano, Lapu-Lapu City Mayor Arturo Radaza at 17 pang ibang mga upisyal at empleyado ng gubyerno, sangkot din sa kaso sina Reynaldo Puno, Executive Director ng Road Users' Tax Board at kapatid ni DILG Secretary Ronaldo Puno, at si Defense Secretary Hermogenes Ebdane.

Ayon sa mga ulat, inaprubahan ni Ebdane na no-o'y kalihim ng Department of Public Works and Highways ang pagtatayo ng 30 poste ng ilaw sa Portofino, isang pribadong *beach resort* sa Lapu-Lapu City. Inaprubahan ng kanyang departamento ang nanalong *bidder* nang hindi dumaan sa tamang proseso. Binili ng DPWH mula sa China ang mga poste ng ilaw sa halagang P1,400 hanggang P11,750 lamang. Subalit pinalalabas ng DPWH na P50,000 ang bawat isa. Umabot pa ito nang P83,000-P224,000 bawat yunit pagkatapos idagdag ang mga umano'y gastos sa instalasyon. Nagkahalaga ng P365.8 milyon ang 1,800 pandekorasyong poste ng ilaw na inilagay sa mga lunsod ng Cebu, Mandaue at Lapu-Lapu. Umaabot sa mahigit

2,000% ang sobrang pagpepresyo sa bawat poste.

Dahil walang alokasyon sa badyet para rito, minaniobra ng Malacañang sa pakikipagkutsaba kay Puno na gamiting pambayad para sa mga poste ang pondo mula sa Road Users' Tax.

Nahaharap ngayon si Ebdane sa kasong pandarambong. Kagyat namang iniutos ng Malacañang ang suspensyon nina Ouano at Radaza para sila na lamang ang maidiin at huwag nang lumalim pa ang imbestigasyon at malantad ang papel ng Malacañang sa iskandalo.

Kasabay nito, nalantad rin ang sobrang pagpepresyo ng DPWH sa 42 *surveillance camera* na inilagay noon sa dinaanan ng mga delegado sa *summit*. Nagkahalaga ng P90 milyon ang naturang proyekto o P2.14 milyon bawat isang kamera, samantalang ang totoong halaga nito ay nasa P100,000 hanggang P250,000 lamang. Umabot nang P1.5 bilyon ang mga proyektong hinawakan ng DPWH para sa *summit* na tulad ng iba pa nitong mga proyekto ay batbat ng katiwalian.

May naiuulat ding iligal na paglilipat ng P5 bilyong pondong pang-irigasyon para tustusan ang kampanya ng dalawang kandidato sa pagkasenador ng Team Unity, ang koalisyong binubuo ng mga pwersang maka-Arroyo.

### "NDF-Negros...", mula sa pahina 12

Ani Ka Frank, ang lahat ng ito ay mapanghati sa hanay ng mga magsasaka at manggagawang bukid, bagay na pinakikinabangan ng malalaking panginoong maylupa at ng reaksyunaryong estado. Nanawagan siya sa lahat ng myembro ng TFM, Malaga Cuenca Multi-Purpose Cooperative at ng Hacienda Malaga Independent Workers' Union na magkaisa, ilantad at tutulan ang kanilang kawaway sa uri na si Roberto Cuenca, ang mga mapanlinlang na pangako ng TFM at mga tusong manioobra nina Intengan, Gonzales at buong rehimeng Arroyo na pagaway-awayin sila. **AB**

## Pilipinas, pinakamalaking importer ng bigas sa Asia

LUMABAS sa isang pag-aaral ng IBON Foundation kamakailan na ang Pilipinas ang bansang may pinakamaraming inaangkat ng bigas sa buong Asia. Mula 1984 hanggang 1994, naitala na 151,588 metriko toneladang bigas ang inimport ng Pilipinas mula sa iba't ibang bansa sa Asia. Ito ay ayon mismo sa National Food Authority.

Higit na lumala ang ganitong suliranin nang pumailalim ang Pilipinas sa World Trade Organization. Tinatayang umaabot na ngayon sa isang milyong tonelada ng bigas kada taon ang inaangkat ng Pilipinas mula sa mga karatigbansa nito sa Asia o halos 587%

na pagtaas.

Ayon sa Ibon, hindi na ito katakataka dahil sa pagbaba ng produksyon ng bigas nitong nakalipas na dekada. Ito ay bunsod ng patuloy na pagsunod ng Pilipinas sa liberalisasyon at ng korapsyon ng rehimeng Arroyo. Isang halimbawa rito ang kakulangan ng irigasyon dahil ang pondong pangirigasyon ay ginagamit ng rehimen para sa kampanya nito sa eleksyon.

Dagdag pa, ang suliranin sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka ay magreresulta sa higit pang kakulangan ng bigas sa bansa at paglala ng kagutuman sa susunod na mga taon.

## Pag-atras ng mga tropang Amerikano sa Iraq, itinakda

ITINAKDA na kapwa ng Senado at ng Kongreso ng US nitong Marso 23 na pauwiin na ang mayorya ng mga tropang Amerikano pagsapit ng Marso 2008 at ang iba pa bago ang Setyembre 2008. Kapwa dominado ng mga oposisyunistang Democrat ang Senate at Congress ng US. Para lalong makapagsilbi bilang presyur sa pagpapauwi na ng mga tropa ng US mula sa Iraq, ang \$122 bilyong badyet para sa pagpapatuloy ng mga operasyon ng US sa gera sa Iraq ay itinali rin ng Senado at Kongreso sa pagtitiyak na makakamit ang iskedyul sa pagpapauwi na ng mga tropang ito.

Ang hakbanging ito ay sinuportahan na rin ng ilang senador at kongresistang Republican na tumututol na rin sa pagpapatuloy ng gera sa Iraq. Ang pagkakapasa nito ay tanda ng sukdulang pagkakahiwalay ng patakarang "gera laban sa terorismo" ng gubyernong Bush. Gaya ng inaasahan, nagbanta si Bush na ibabasura ang naturang panukala.

Sa kabila ng malalawak na anti-gerang kilos-protesta sa buong mundo, itinuloy ni Bush ang pagpapadala ng karagdagang 30,000 tropa sa Iraq. Subalit patuloy na iginigiit ng mga anti-gerang myembro ng Kongreso at Senado ang pagpapauwi ng mga tropang Amerikano at ang pagwawakas na ng gera sa Iraq.

Ayon sa pinakahuling mga ulat, umaabot na sa 665,000 sibilyang Iraqi, 12,000 pwersang panseguridad ng Iraq at 3,500 tropang mananakop ang namatay sa gera. Umaabot na sa \$200 milyon ang naggastos bawat araw at \$2 trilyon ang nawaldas na buwis ng mamamayang Amerikano sa loob ng isa hanggang tatlong taong pakikipagpera ng US sa Iraq at Afghanistan.

## Mga Maoista sa Nepal, sumumpa sa gabinete

LIMANG pwesto sa gabinete ng transisyunal na gubyrno ng Nepal ang hahawakan ng Communist Party of Nepal (Maoist). Sumumpa noong Abril 1 ang mga Maoistang hinirang bilang mga ministro ng kagawaran ng impormasyon, kaunlarang lokal, *planning and works, forestry*, at kababaihan at mga bata.

Ang pag-upo ng limang Maoista sa gabinete ay alinsunod sa kasunduang pangkapayapaang narating matapos maibagsak ng popular na pag-aalsa ang monarkiya ni Haring Gyanendra noong Mayo 2006. Ang tatlong pinakamalalaking partido sa koalisyong namuno sa pag-aalsa ay nilaanan ng tigililimang pwesto sa gabinete.

Bago ito, noong Abril 2, upisyal na pumaloob ang 83 kinatawan ng CPN-M sa 330-kataong parlamento ng Nepal. Kinakatawan nila ang pinakaaping mga sektor sa Nepal: ang kababaihan, mga pambansang minorya at ang pinakaaping uring tinaguriang *untouchables*. Idineklarang pista-upisyal ang sumunod na araw upang ipagbunyi sa buong bansa ang malaking tagumpay na ito.

Sa darating na Hunyo, ihahalal naman ng mamamayang Nepali ang *constituent assembly* na siyang magpapasya sa magiging pinal na anyo ng gubyrno at lipunan ng Nepal. Pinakatampok sa mga isyung pagpapasyahan ng asembliya ang ganap na paglusaw sa monarkiya na pangunahing iginigiit ng CPN-M.

## Mga parusang ipinataw sa Iran, kinundena

MARIING kinundena at tinututulan ng mamamayan ng Iran at kanilang mga kaalyado ang bagong resolusyong inaprubahan ng United Nations Security Council (UNSC) noong Marso 23 na nagpapataw ng mga bagong parusa laban sa pagpupursige ng Islamic Republic of Iran na ipagpatuloy ang kanilang programang nukleyar. Ani Presidente Mahmoud Ahmadinejad, sa kabila ng Resolution 1747 ay "hindi mapi-pigil ang mapayapa at ligal na programang nukleyar ng Iran nang kahit isang saglit."

Unang nagpataw ng mga parusa ang UN laban sa Iran noong Disyembre 2006. Sa harap ng paninindigan ng Iran, muli na naman itong nagpataw ng mga parusa alinsunod sa kagustuhan ng US at ng mga alyado nitong Britain, France at Germany.

Sa naturang resolusyon, pinagbawalan ng UNSC ang mga internasyunal na pampinansyang organisasyon at mga bansa na magbigay ng pautang at ayuda sa Iran. Pinipigilan din ang paglalabas ng mga ari-arian sa bangko ng mga kumpanya at indibidwal na sumusuporta sa programang nukleyar ng Iran, at pinalawak ang listahan ng mga upisyal ng Iran na pinatawan ng restriksyon sa paglalakbay at pakikipag-transaksyon sa mga bangko. Ipinagbabawal din ang pag-eeksport ng armas tungo sa Iran.

Habang ipinatutupad ng UN ang naturang mga parusa, pinatitindi rin ng mga *special services* ng US, Great Britain at Israel ang kanilang mga pananabotahe sa teritoryo ng Iran. Noong Marso 23, 15 elemento ng British Royal Marines ang inaresto ng mga pwersang panseguridad ng Iran dahil sa iligal na pagpasok ng mga ito sa karagatan ng Iran.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 7  
Abril 7, 2007  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editorial*


# Gamitin ang armadong lakas laban sa pasismo at terorismo ng rehimeng US-Arroyo

**N**ananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa Bagong Hukbong Bayan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na lalo pang pasinsinin at palaganapin ang armadong pakikibaka sa buong bansa. Nanawagan din ito sa mamamayang Pilipino na palawakin at itaas ang antas ng mga pakikibakang masa laban sa lumalalang pasismo at terorismo ng rehimeng US-Arroyo.

Sa pamamagitan lamang ng lahatang-panig at mabibigat na bigwas sa rehimeng US-Arroyo matutugunan ang marubdob na hangarin ng sambayanan na wakasan ang brutal na paghahari at parusahan ang mga pasimuno at susing tagapagpatupad ng mga pasistang patakaran nito.

Walang habas ngayong sinusupil ni Arroyo ang lahat ng naglalantad at lumalaban sa kanyang rehimen, laluna ang mga pwersang pinakamasugid at pinakamilitante sa paglaban. Desperado itong gapiin ang armadong rebolusyonaryong kilusan at patahimikin ang hayag na progresibong kilusang masa, pati na ang malawak na ligal na oposisyong kontra-Arroyo. Sa desperadong hangaring tumagal sa poder hanggang 2010 o lampas pa rito, todo-todong sumasandig si Arroyo sa militar at sa lansakang paggamit ng karahasan, kasabay ng sagad-sagarang panlilinlang, pagsisunungaling, panunuhol at pandaraya.

Isinasagawa ng pasistang rehimen ang walang tigil na malakihan at malulupit na operasyong militar



hindi lamang sa mga pinagsususpetsahang baseng masa ng armadong kilusan sa kanayunan. Tinatambakan ngayon ng mga tropang militar maging ang mga komunidad ng mga maralita at mga paaralan sa kalunsuran kung saan malakas ang mga progresibo at demokratikong organisasyon at partido. Tinutugis at ginigipit ng mga nag-ooperasyong militar ang mga aktibista at tinatakot ang mamamayan upang huwag silang sumuporta sa mga organisasyong ito.

Kaalinsabay, walang tigil ang kampanya ng pamamaslang na tumatarget sa mga lider at kasapi ng mga

***Mga tampok sa isyung ito...***

**Mga aksyong militar sa ika-38 anibersaryo ng BHB**  
PAHINA 3

**Arroyo, nagkasala—Permanent People's Tribunal**  
PAHINA 4

**Ka Satur, pinalaya na**  
PAHINA 9

## Mga instruksyon sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*